

Pensyon

Ang pagkakaroon ng pension plan ay makakatulong sa ating pamumuhay sa ating pagtanda.

Siguraduhin kung kayo ay nakapasok sa pension plan at kung ito ay nababayaran

Ang proseso ng pagtanggap ng pensyon sa Japan ay kukuhanin sa kabayaranang naipon mula sa buwanang kinaltas na sahod o kita mula ng magsimulang magtrabaho hanggang sa pagretiro. Ang pensyon ay depende sa trabaho na inyong pinasukan. Alamin natin kung anong programa ang maganda para sa inyo at sa inyong asawa. May 3 klase ng pension programs, Ang National Pension para sa self-employed, Ang Employees' Pension para sa mga nagtrabaho sa pribadong kumpanya at ang Mutual Benefit Annuity, para sa mga empleado ng gobyerno. Ang premium ay binabayaran mula sa buwanang sahod ng empleyado. Lahat ng naninirahan sa Japan ay kailangang kumuha ng isa sa mga pension programs. Ang mga dayuhang residente ay mabibigyan ng benepisyon ng ito kung sila ay nakapasok at nagbabayad ng buwanang premiums. May matatanggap bang pensyon ang asawa sa pagkamatay ng kanyang asawa? Kapag namatay ang asawa, ang balo at kanyang anak na wala pang 18 taong gulang ay makakatanggap ng pensyon kung ang asawa ay kasapi ng National pension. Subalit, hindi maibibigay ang pensyon kung ang anak ay higit sa 18 taong gulang na o kaya ay walang anak. Sa kabilang dako, kung siya ay walang anak, maaari siyang makatanggap ng pensyon sa Employees' Pension. Sakaling siya ay mag-asawa ulit, mahihinto ang pensyon. Ano ang mangyayari kung nagdiborsyo ang mag-asawa? Narinig na ba ninyo ang "Pension splitting"? Kung ang asawa ay isang full-time na maybahay at hindi nagtatrabaho, siya ay may karapatan sa ilang bahagi ng pensyon na ibibigay sa kanyang asawa matapos ang diborsyo. Subalit, hindi ito binibigay sa National pension. Kung nakasapi lamang sa Employees' Pension o kaya Mutual Benefit Annuity nang panahong kasal, makakatanggap ng nasabing pensyon. Ang mga kailangan gawin ay ang mga sumusunod: 1. Ang proseso ay dapat gawin sa loob ng 2 taon pagkatapos ng diborsyo. 2. Ang buwanang bayarin matapos ang diborsyo ay dapat nabayaran nya. (Hindi kailangan bayaran ng babae ang buwanang bayarin habang sila ay mag-asawa, subalit kailangan niyang bayaran ang buwanang bayarin pagkatapos ng diborsyo.) Ang karapatang ito ay hindi mawawala kahit na mag-asawa muli pagkatapos ng diborsyo. Ang pensyon ay matatanggap kahit hindi kayo nakatira sa Japan. Subalit medyo kumplikado ang proseso, kaya't ipinapayo na gawin ito habang nasa Japan. Kung hindi ninyo personal na lalakaran ang pagtanggap ng pensyon, maaring hindi kayo makatanggap. Kung may mga katanungan ukol sa pensyon, magsadya lamang sa kanilang tanggapan. Kada taon ang report ukol sa personal na pensyon ("Nenkin Teikibin") ay ipapadala sa mga kasapi ng Pension Fund. Makikita dito ang posibleng matatanggap na pensyon ng mga may edad 50 at pataas. Dalahin ang dokumentong ito at ang libreta ng pensyon.



May akda: Miho Fujibayahashi

Pagpa eksamen ng kalusugan....Alam ba ninyo ang tungkol sa “Ningen Dokku” ?

May mga taong nagsasabi, “Hindi ko kailangan ang medikal check up, bata pa ako.” Salungat sa paniniwala ng iba, ilang malubhang karamdaman ang nakikita sa mga medical checkup. Para sa inyong sarili gayundin para sa inyong pamilya, minsan sa isang taon ay magpa medical check-up o “ningen dokku” . Dahil sa tulong ng gobyerno, maaari kang magpa medical check up sa mas mababang halaga. Sino: Edad 30 o mas matanda, dapat ay nabayaran ang buwis. Gastusin: ¥6,595 para sa indibiduwal na bayarin na nagkakahalaga ng ¥33,495. Ang halaga ng tulong na ibibigay ay depende sa bayan at mga siyudad. Aplikasyon: Matapos kunin ang medical questionnaire at form sa Hoken-Nenkin-ka, kumuha ng appointment sa ospital. Hanapin sa web-site ng bawat bayan o siyudad para sa dagdag na impormasyon.

Isang mahalagang impormasyon para sa may anak na pumapasok sa pribadong kindergarten..


Magastos at mahal ang pagpapaaral sa pribadong kindergarten. Ang tulong para dito ay ginawad para makasuporta sa mga magulang ng mag-aaral. May mga nakalaang mga kundisyon sa benepisyong ito depende sa bawat bayan o siyudad. Tumawag sa tanggapan sa bayan o sa FICEC. Sino: 1. Mga magulang na may anak na pumapasok sa pribadong kindergarten. 2. Mga magulang na ang anak ay 3 taong gulang ngayong 2013 at pumapasok sa pribadong kindergarten. 3. Mga magulang na may anak na lumipat sa bayan o siyudad matapos ang Abril 2 2013 at papasok sa pribadong kindergarten. Aplikasyon: Isumite ang aplikasyon form mula sa kindergarten sa pagsapit ng Hunyo.

Sumali at mag-aral tayo sa sa“International Children’ s Club

Handa kaming tumulong sa pag-aaral ng inyong mga anak, mga bata hanggang senior high school. Sumali tayo sa Int’l Children’s Club. Kailan: Tuwing Sabado, 10:00 – 12:00, Saan: Fujimino Shimin Katsudo Shien Center (2 minutong lakad mula Kamifukuoka Station, sa Cocone 1st Floor) Para sa dagdag na impormasyon, tumawag sa 049-256-4290

Bagong isyu ng 2013 ”gabay sa araw-araw na pamumuhay sa Fujimino City” ay nailathala na!

“Fujimino City Living Guide” ay isang gabay sa araw-araw na pamumuhay sa Fujimino City para sa mga dayuhang residente. Ito ay malaking tulong sa atin. Makakakuha kayo ng inyong kopya sa city hall o kaya sa FICEC. (nakasalin sa: English, Chinese, Portuguese, Korean at Filipino) Ito ay libre.



Tayo ng mag-aral sa “Fujimino Terakoya Class” ngayong

Magandang oportunidad ang bakasyon para mag-aral at mag review. Ang “Fujimino Terakoya Class” sa Fujimino City na nagustuhan ng marami noong nakaraang taon ay gaganapin ulit ngayong summer. Tingnan ang eskedyul sa notisya at aplikasyon sa pagsali na pinamahagi sa mga eskuwelahan. Kailan: Agosto1(Huwebes),2(Biyernes),8(Huwebes),9(Biyernes),28(Miyerkules),29(Huwebes) at 30(Biyernes), sa umaga. Saan: Kamifukuoka community center at Oi Central community center. Sino: Grade 5 at Grade 6 elementary sa Fujimino city. Mga Katanungan: Gakko Kyouiku-ka sa Fujimino city, Phone 049 – 220 – 2085

Magandang balita!!! Maari nang magpa proseso ng pasaporte sa Fujimi city hall...

Hindi pa naman kaagad pero mula sa Oktubre, 2013 magkakaroon na ng tanggapan para sa pag proseso ng pasaporte sa Fujimi city hall.

www.ficec.jp/living/

•Para sa katanungan tumawag sa FICEC Tel. 049-256-4290